# Pagkaunawa Tungkol sa Resulta ng Pag-iksamen sa Iyong Hepatitis B (Hep B)

•Ipakita ito sa bawat healthcare provider (doctor, nars, atbp.) na pupuntahan mo•

## Resulta

- **Mga Resulta ng Hep B mo ay: Core Antibody-positive, Surface Antigen-negative, Surface Antibody-negative or positive**
- Ipinapakita ito na nagkaroon ka o nahantad ka sa Hep B sa nakaraan.
- Inalis ang katawan mo ang Hep B sa iyong dugo, subalit may natirang Hep B na "natutulog sa iyong atay.

## Gamot

- **Hindi mo na kailangan ang bakuna dahil nakitaan o nahantad ka na sa Hep B.**
- May mga gamot na "ginigising" ang Hep B, kaya kailangang gamutin ito habang "natutulog" pa.
- **AKSYON:** Sa tuwing bibigyan ka ng bagong gamot, tanungin ang iyong doktor: "Babalik ba ang Hep B kung mag-inom sa bagong gamot?" at "Masusugpo ba ang aking immune system?" Ipakita itong papel sa kanila.

## Dugo

- **AKSYON:** Maaaring mag-order ang iyong doktor ng isang test na ang tawag ay **HBV PCR** upang tiyakin na walang Hep B sa iyong dugo
- Kung ang HBV PCR test ay walang makitang Hep B sa iyong dugo, samakatwid, hindi ka magkakasakit sa Hep B.
- Kung maliit ang dami ng Hep B na natutulog sa iyong katawan, marahil, hindi ka magkaproblema nito sa buong buhay mo.

## Pamilya

- Kung ang HBV PCR test ay walang makitang Hep B sa iyong dugo, hindi mahahawa ang Hep B kahit sino maliban kung maging "organ donor" ka.
- **AKSYON:** Tiyakin na bawat isa sa iyong pamilya, kasama ang iyong kapareha, ay magpa-iksamen sa Hep B, dahil ito ay napakaseryosong sakit.
- Kailangan nila itong mga tests: **HBsAg, anti-HBc, anti-HBs, anti-HCV**

## Doktor

- **AKSYON: Laging itanong kung babalik ang Hep B sa tuwing iinom ng mga bagong gamot**. Ipakita itong papel.
- Makipag-usap sa iyong doktor at medikal team at magtanong kung kinakailangan ng iba pang impormasyon.
- Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnay sa Hep Free Hawaii at hepfreehawaii@gmail.com, o kaya Hepatitis B Foundation at 1-215-489-4900 o info@hepb.org.